408-3

Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

SEP 18 2007

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 373 , s. 2007

PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino (PSLF) sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Kagawaran ng Edukasyon (DepED) at sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED), ay magdaraos ng **Pambansang Seminar sa Filipino** sa Oktubre 18-20, 2007 sa Center for Culture and the Arts Theater ng St. Louis University, Baguio City na may paksang "Ang Wikang Filipino Bilang Daluyang Pedagohikal".

2. Pagkatapos ng seminar, inaasahang:

a. madaragdagan ang kabatiran ng mga gurong nagtuturo ng wika at panitikang Filipino tungkol sa paglalapat ng mga teorya at metodong nakatuon sa higit na pagpapahusay ng pagtuturo mula elementarya hanggang kolehiyo;
b. mabibigyan pa ng mas malawak na pananaw ang mga delegado hinggil sa mga napapanahong isyu sa larangan ng pagtuturo ng wika, literatura at teknolohiyang instruksyonal sa lahat ng antas; at
c. maitatag at masuri ang mga kagamitan, istilong panturo at pagpaplanong akademiko alinsunod sa mga hinihinging pagbabago ng panahon.

3. Ang mga dadalo sa seminar na ito ay ang mga gurong nagtuturo ng/sa Filipino, ang panlalawigan at pansangay na superbisor o puno sa Filipino, puno ng kagawaran, punongguro at tagamasid sa mga paaralang elementarya, sekundarya at kolehiyo, pribado man o publiko.

4. Ang rehistrasyon ay Tatlong Libong Piso (PhP3,000.00) bawat kinatawan kasama ang pagkain at kit (hindi kasama ang akomodasyon, almusal at hapunan).

1142

5. Para matiyak ang bilang ng seminar handouts na ipamamahagi sa rehistrasyon, mangyaring magpadala ng reserbasyon sa o bago ang Setyembre 30, 2007 kina:

| | |
|---|---|
| Lakandupil C. Garcia, EdD | Jane K. Lartec, PhD |
| Direktor ng Seminar | Koordineytor ng Seminar |
| De La Salle Philippines-Dasmariñas, Cavite | St. Louis University, Baguio City |
| Tel. blg. (046) 416-5086 | Tel. blg. (074) 447-0664 |
| Mobile: (0919) 359-2012 | Mobile (0918) 375-0882 |
| E-mail: lcgarcia@mail.dasma.dlsu.edu.ph | E-mail: enaj2911@yahoo.com |

6. Ipangalan ang bayad na tseke sa PAMBANSANG SAMAHAN SA LINGGWISTIKANG FILIPINO, Inc.

7. Hinihiling ang maaga, madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 77, s. 2005
Pamumudmod: 1 - -(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

Maricar/DM-Seminar sa Filipino
09-03-07